Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA–50 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-24 NG HUIYO 2023 SA BARANGAY SILANGAN TALAONGAN SESSION HALL, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan / Nangungulong Pinuno

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President; at
Kgg. Hyra Jane A. Valdopeñas, SKF President;

HINDI DUMALO: Kgg. Elma P. Flores, SB Member; (May sakit)
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member; (Nasa Opisyal na Lakad)
Kgg. Habshan Dave D. Blatique, SB Member; *(Paternity Leave)*

## KAPASIYAHAN BLG. 251- 2023

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-APAT NAPU'T DALAWANG (42) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG CALMINUE AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG KAUNA-UNAHANG ALUMNI HOMECOMING.**

**May Akda: SB ROMEL J. VILLANUEVA**
*Chairman, Committee on Ordinance and Legal Matters and Committee on Education*

**SAPAGKAT,** ang Sitio ng Calminue at mga mamamayan dito na sa kabila ng layo nito sa sentro ng Bayan, at sentrong pangkarunungan at pampamahalaan ay nagbigay pa rin ng pagsisikap upang kilalanin at magbigay ng pagpapahalaga sa pag-aaral at kahalagahan ng edukasyon;

**SAPAGKAT,** ang nasabing lugar ng kinatatayuan ng Mababang Paaralan ng Calminue ay hindi pa husto ang abot ng kaunlaran na ang mga guro at mga mag-aaral ay nagsisipaglakad sa masukal at maputik na mga daan maabot lamang ang tagumpay sa larangan ng Edukasyon;

**SAPAGKAT**, iniatas na itatag ang Mababang Paaralan ng Calminue noong taong 1981;

**SAPAGKAT,** ang Calminue Elementary School ay kinakitaan ng maraming mga mag-aaral na nagbigay na rin ng karangalan sa Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** masasabi na rin na ang Mababang Paaralan ng Calminue ang isa sa unang naging pandayan ng mga kasalukuyang henerasyon na nagbigay daan sa tuluyang pag-unlad ng Bayan ng Cavinti;

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pangalawang Punumbayan

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III

OFFICE OF THE MAYOR
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: kfarares
DATE: 8/14/23 TIME: 9:30

**SAPAGKAT,** sa ika-19 ng Agosto taong 2023 ay magdadaos ng selebrasyon ng ika-apat naput dalawang (42) Taong pagkakatatag ng Paaralang Elementarya Calminue na dadaluhan ng mga naging mag-aaral at guro nito, mainam na pagkakataon upang gunitain ang mga masasayang alaala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang masusi at malayang talakayan sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, na pinangalawahan naman at buong pusong sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ginagawang pagpapasiya na **MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-APAT NAPU'T DALAWANG (42) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG CALMINUE AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG KAUNA-UNAHANG ALUMNI HOMECOMING.**

**IPINASIYA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pambayang Tagapamasid Pampurok Gng. Soledad S. Villanueva, ang Tanggapan ng Kasalukuyang Punong Guro ng mababang Paaralan Calminue, G.Marlon Valdopenas,Punong Guro, at ang Pinuno ng Samahan ng Alumni at mga miyembro.

**IPINASIYA PA RIN,** na mabigyan ng sertipiko ng pagbibigay karangalan sa pamamagitan ng isang kuwadro na may Pangalan at lagda ng Kasalukuyang Punumbayan KGG. ARRANTLEE R. ARROYO at ng May-Akda KGG. ROMEL J. VILLANUEVA at pagbasa na rin ng nilalaman ng Kapasiyahan sa ARAW NG ALUMNI HOME COMING sa ika-19 ng Agosto 2023 ng nasabing Paaralan.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-50 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Barangay ng Silangan Talaongan Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-24 ng Hulyo, 2023

**NANETTE V. JUAREZ**
Acting SB Secretary

SINANG-AYUNAN:

**MILBERT L. OLIVEROS**
Pangalawang Punumbayan

PINAGTITIBAY:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan